Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

# Ang mga Epal sa Lupang Hinirang: Isang pilosopikal na pagsusuri sa pambansang awit base sa balangkas ni Joey Ayala at pagnilay sa konseptong "authentic at inauthentic dasein"

Martin Joseph C. Esteves, MA
*Philosophy Department*
*De La Salle University, Manila*
*martin.esteves@dlsu.edu.ph*

**Abstract:** Sa kabila ng napakaraming mga isyu na kinakaharap ng Pilipinas ngayon sa ilalim ng administrasyong Rodrigo Duterte, tila pumukaw sa isipan ng mga Pilipinong nagbabanat ng buto upang makaahon sa hirap ng buhay, ang nakakikiliting usapin ng pagbabago ng ilang mga titik sa ating pambansang awit na "Lupang Hinirang".

Marami ang nagbigay ng kanilang pananaw, kabilang na ang kasalukuyang tagapangulo ng senado na si senador Tito Sotto. Sa kabila ng umiiral na batas sa tamang paraan ng pag-awit ng Lupang Hinirang, pinuna nang senador ang ilang mga titik nito na para sa kanya ay hindi angkop at kinakailangan ng palitan.

Ano nga ba ang katuturan ng pambansang awit sa pagkatao ng mga Pilipino? Sinasalamin nga kaya ng mga titik nito ang tunay na kasaysayan at saloobin ng mga Pilipino sa pangkalahatang pananataw? Sa aking paniniwala, mahalaga na pag-usapan ang isyu hinggil sa ating pambansang awit kung napapaloob ito sa konteksto ng mga tanong na ito.

Ang pambansang awit na "Lupang Hinirang" ni Julian Felipe marahil ang isa sa pinaka unang awit na nakabisado ng bawat kabataang Pilipino. Hindi naman ito kataka-taka dahil halos araw-araw sa loob ng paaralan ay inaawit ito tuwing umaga. Ang liriko ng Lupang Hinirang ay hinango sa tula na isinulat ni Jose Palma.[1] Masasabing kahit tulog ang isang Pilipino ay kayang-kaya niya ito banggitin. Sa kabila nito, malimit ding naitatanong kung tama bang nasasambit ang mga letra ng Lupang Hinrang at wasto bang nakakanta ang himig nito? Ilang mga tanyag na mang-aawit na rin sa Pilipinas ang nagkamali sa pag-awit nito o hindi kaya ay

[1] Jose Palma/ Filipino writer/ Britanica.com / https://www.britanica.com

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

tahasang binago at pinabagal ang paraan ng pag-awit nito, tulad nila Eric Santos, Jed Madella, Mark Bautista, Aiza Seguerra, Regine Velazquez at Martin Nievera.[2]

Halimbawa, noong May 8, 2009, naging kontrobersyal ang estilo at interpretasyong ginamit ni Martin Nievera sa pag-awit niya ng Lupang Hinirang sa Las Vegas , Nevada para sa laban ng boksingero na si Manny Paquioa at Ricky Hatton.[3] Hindi ikinatuwa ng NHI (National Historical Institute) ang ginawa ni Mr. Nievera at binantaan siya na kakasuhan dahil sa paglabag nito sa batas ngunit, sa kalaunan ay nakaligtas ang mang-aawit sa gusot na ito dahil wala umano sa hurisdiksyon ng Pilipinas ang Las Vegas kung saan inawit ni Mr. Nievera ang Lupang Hinirang.[4] Sa iba't-ibang pagkakataon ay maraming ulit na pinuna ng NHI ang mga Filipino artists dahil sa tangkang baguhin ang paraan ng pag-awit ng Lupang Hinarang.

Sa isang pagtatanghal noong 2013 sa U.P. Diliman, Quezon City, mapalad kong napanood ang sikat na alternative Filipino music icon at composer-singer na si Joey Ayala. Gaya sa marami niyang konsert na napanood ko na, mayaman pa rin sa pagsusuri sa bayan, kultura, kapaligiran at tao ang mga awitin niya, kasabay ang mga pagbibigay niya ng kuro-kuro at kritikal na papananaw.

Nakuha niya ang aking lubos na atensyon ng magsimula siyang magbigay ng kuro-kuro sa pambasang awit na "Lupang Hinirang". Para kay Joey, dapat mabagal ang kumpas ng pambansang awit na "Lupang Hinirang" at mula sa 4/4 nais niyang gawing 6/8 ang time signature nito. Binanggit niya ang ilang dahilan kung bakit dapat mabagal o mala "kundiman" dapat ang paraan ng pag-awit nito, gaya ng isang tradisyunal na awit ng pag-ibig. Dagdag pa ni Joey na mas maiging mababanggit ang mga liriko ng "Lupang Hinirang" kung mabagal ang pag-awit dito. Para kay Joey Ayala, ang kalumanayan ng pag-bigkas ay sumasalamin sa likas na pagiging romantiko at mangingibig ng mga Pilipino na taliwas naman sa dikta ng kumpas na 4/4 na Lupang Hinirang, na lantad sa imaheng matapang o pagiging mandirigma ng ating mga sikat na bayani gaya nila Andres Bonifacio at Lapu-lapu.

Hindi kasing palad ni Joey Ayala si Martin Nievera dahil makalipas ang isang linggo pagkatapos ng TEDxDiliman kung saan naganap ang pagtatangghal ng sikat na alternative Filipino folk artist, inaresto siya sa kanyang tahanan ng mga alagad ng batas sa pangunguna ni Pepito Jose Pitombayag Jr., tagapagsalita ng NHI Anthem Investigation Unit.[5]

---

[2] News.abs-cbn.com
[3] News.abs-cbn.com
[4] News.abs-cbn.com
[5] Agila ws, WordPress.com Website

Pangkaraniwang usapin ito kung tutuusin, ngunit para sa akin ay mayroon pilosopikal na aspeto dito at mas malalim na hugot sa "pagkatao"ng mga Pilipino.

Ang papel na ito ay isang pagsusuri sa iminumungkahing bersyon ni Joey Ayala sa pambansang awit na "Lupang Hinirang". Bibigyan yan ko ito ng mas malalim na kahulugan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng usapin sa konseptong "authentic at inauthentic Dasein"na binigyang buhay ni Martin Heidegger. Mayroong apat na mga pangunahing argumento ang isusulong sa talakayan:

1) Ang konsekwensyal na pagdaloy ng kasaysayan ng awiting Lupang Hinirang ang nagdikta sa hindi pagiging "authentic"ng mga Pilipino kaakibat ang awit na ito.
2) Ang balangkas ni Joey Ayala sa Lupang Hinirang ay nagpapakita ng kagustuhang ng mga Pilipinong maging "authentic".
3) Ang tema ng "pag-ibig" sa mga pelikula at awiting gawa ng mga Pilipino ay lubos na nagpapakita ng "authenticity"sa pagkatao nila.
4) Ang pananaw ni Martin Heidegger sa pagiging "authentic" ng pagkatao ng isang "Dasein" ay tampok sa balangkas ni Joey Ayala at binibigyang diin nito ang pag-ibig sa pagka-Pilipino higit sa kamatayan.

Despite the many issues facing the Philippines today under the administration of Rodrigo Duterte, it seems to stir up the minds of the Filipinos who bite the bones to get out of the hardships of life, the scathing issue of changing some of our letters in our national anthem " Lupang Hinirang ".
Many have expressed their views, including the current senator Senate Senator Tito Sotto. Despite the existing law in the proper way of singing the Lupang Hinirang, the senator criticized some of its letters for her not suitable and necessary for the exchange.

What is the meaning of the national anthem of the Filipinos? Does his letters reflect the true history and attitude of the Filipinos in general observation? In my view, it is important to talk about the issue of our national anthem when it comes to the context of these questions.
Julian Felipe's national anthem "Julian's Song" is probably one of the first songs ever to be played by every Filipino youth. It is not surprising that almost every day in the school it is sung every morning. The lyrics of the Lupang Hinirang are derived from the poem written by Jose Palma. It is said that even if a Filipino is asleep he can mention it. In spite of this, it is also often asked if the letters of the Hinrang language are correct and it is true that the melody sounds like it? Some famous

singers in the Philippines have also made a mistake in their singing or have not changed the way they sing, such as Eric Santos, Jed Madella, Mark Bautista, Aiza Seguerra, Regine Velazquez and Martin Nievera.

For example, on May 8, 2009, Martin Nievera's style and interpretation was used as a controversial song by singing the Las Vegas Nights in Nevada for boxing fight Manny Paquioa and Ricky Hatton. NHI (National Historical Institute) does not delight in what Mr. did Nievera and threatened him to be charged for violating the law but later the singer has been released from this violation because Las Vegas's jurisdiction is not in the Philippines where Mr. Have the Land Appointed. On various occasions, NHI has criticized the many Filipino artists for attempting to change the way the song Harang was captured.
In a presentation in 2013 at U.P. Diliman, Quezon City, I am blessed to see the famous alternative Filipino music icon and composer-singer Joey Ayala. As with many of his concerts I have watched, his peoples' songs, culture, environment and people are still rich in audiences, along with his thoughts and criticisms.

He got my full attention when he started to give a presentation on the "Lupang Hinirang" national anthem. For Joey, the "Lupang Hinirang" national anthem will slowly slow down and from 4/4 it wants to make its time signature 6/8. He mentioned some of the reasons why it should slow down or "condemn" the way it was to sing, like a traditional song of love. Joey added that lyrical "Lupang Hinirang" lyrical songs could be better spoken of if the singing is slow. For Joey Ayala, the pronunciation base reflects the natural romance and lover of Filipinos in contrast to the dictates of the 4/4 Lupang Hinirang dictates, which are exposed to the brave or warrior image of our famous heroes such as Andres Bonifacio and Lapu-lapu.

Joey Ayala is not as popular as Martin Nievera since about a week after TEDxDiliman where the popular alternative Filipino folk artist took over, he was arrested in his home by law enforcement headed by Pepito Jose Pitombayag Jr., spokesperson of the NHI Anthem Investigation Unit. This is a common issue, but for me it has a philosophical aspect here and is deeply rooted in the "personality" of the Filipinos. This paper is a review of the proposed version of Joey Ayala in the national anthem "The Left Appointed". That would give me a deeper meaning by linking the issue to the concept of "authentic and inactive Dasein" that Martin Heidegger gave life. There are four main arguments to promote the discussion:

1) The conservative flow of the Lupang Hinirang songwriters dictated the absence of "genuine" of Filipinos with this song.
2) Joey Ayala's framework in the Lupang Hinirang shows the Filipino will be "authentic".
3) The theme of "love" in Filipino films and songs is that they show "authenticity" in their character.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

4) Martin Heidegger's view of being "authentic" in the personality of a "Dasein" is featured in Joey Ayala's framework and emphasizes love for Filipinos beyond death.

# 1. Introduksyon

Ayon sa artikulo ni Napoleon Mabaqiuo, ang "phenomenology" ay may dalawang mukha sa pilosopiyang kanluranin. Ang una ay sa pagtanto ni Edmund Husserl at ang pangalawa ay pagtingin naman ni Martin Heidegger.[6] Isang absolute o walang kaduda-duda na karunungan ang dinadalumat ni Edmund Husserl sa pamamagitan ng kanyang tinatawang na "phenomenological reduction" (Psychological reduction, Transcendental reduction at Eidetic reduction).[7] Samantalang para naman kay Martin Heidegger, ang higit na dapat dalumatin ay ang payak na pagkatao, kung saan ang pangunahing sangkap ay ang kakayahang pumili para sa sarili at kalayaan mula sa kanyang mundong ginagalawan.[8]

Sa librong "Being and Time", tinalakay ni Martin Heidegger ang pilosopikal niyang pananaw sa pagiging "authentic"ng isang Dasein.[9] Ang "Dasein" ay isang terminong nilikha ni Heidegger para bigyang ng kaibahan ito sa terminong "being", kung saan nais ni Heidegger na alisin ang mga kaakibat na paniniwala at pananaw sa terminong "being" upang mainam na maipalabas ang tunay na pagkatao ng isang "dasein" at maihiwalay ang pagtukoy sa pagka- "paano", higit sa pagka "ano" lamang ng isang tao.[10] Sa kalaunan ay maituturing niya itong "authentic" kung pipiliin ng isang "dasein" na makalabas ito sa kanyang pagkakabihag sa tinawag ni Heidegger na "falleness".[11] Ang "falleness" ay isang bahagi ng "pinag-isang panahon" o unity of time.[12]

Kung ipapanid natid ang pananaw ni Heidegger sa usapin ng pagbigay interpretasyon ni Joey Ayala sa awit na Lupang Hinirang, maaari nating masabi na tila papasok sa Phenomenological Existentialism ni Heidegger ang interpretasyon ni Joey Ayala ng Lupang Hinirang base sa kanyang balangkas na inilatag gamit ang temang pag-ibig.

Sa aking pagtaya, para kay Joey Ayala mas naipapahayag ng isang Pilipino ang kanyang damdamin at pagmamahal sa awit na Lupang Hinirang kung ito ay dadaloy gamit ang temang pag-ibig. Ang takdang bilang na 4/4 ay hinango lamang sa orihinal na areglo ng Lupang Hinirang base sa kompusisyong "marcha nacional Filipina" kung saan ay 2/2 ang kumpas na bilang at isang marcha para sa digmaan.[13]

Digmaan nga ba ang tema para sa ating pambansang awit? Hindi ba temang pag-ibig talaga ang sinasambit sa mga letra nito na nagmula naman sa original na tula na "Filipinas"ni Jose Palma?[14] Punahin natin na ang tema ng tula ni Palma ay pag-ibig at hindi digmaan. Sa aking pagtaya, ang kumpas na 4/4 ay resulta lamang isang pagkakataon o isang konsekwensyal na pagdaloy sa kasaysayan ng Pilipinas.

[6] Giorgi/ Concerning the Phenomenological Methods of Husserl and Heidegger and their Application in Psychology *Collection du Cirp Volume 1 2007*, pp. 63 a 78/ ISBN 978-0-9781738-7-6
[7] Ibid
[8] Ibid
[9] Being and Time by Martin Heidegger/ 1927/ Pages 589 (Macquarrie and Robinson translation); 482 (Stambaugh translation)
[10] Ibid
[11] Ibid
[12] Ibid
[13] The evolution of Lupang Hinirang/ Manila Bulletin News/ *https:biz.com.ph* /2017-06-29
[14] Jose Palma/ Filipino writer/ Britanica.com / https://www.britanica.com

## 2. Ang konsekwensyal na pagdaloy ng kasaysayan ng awiting Lupang Hinirang ang nagdikta sa hindi pagiging "authentic nito"

Tila nasubsob lamang, dala ng pagkakataon, ang awit na "Lupang Hinirang" sa bilang na 4/4 at temang digmaan. Ito ay maaari nating sabihin na bahagi o deretsnag tumutukoy sa "facticity" batay sa pagpapakahulugan ni Heidegger. Ito ang pinag-isang panahon sa pananaw ni Heidegger na may deretsahang kinalaman sa pagtatagpo ng nakaraan at kasalukuyan.[15] Ang dasein ay walang kapangyarihang baguhin ang kanyang nakaraan. Kaya naman, sa wari ko ay tila ang 4/4 na bilang ng awiting "Lupang Hinirang" ay nakapaloob sa "facticity" nito.

Sa pamumuno ni Heneral Emillio Aguinaldo ay ipinag-utos niya ang paglikha ng isang pambansang awit at ginamit ang naunang musikang komposisyon ni Julian Felipe na "Marcha Nacional-Magdalo" upang lapatan ng tunog ang tula ni Jose Palma na "Filipinas".[16] Ang tula na "Filipinas" naman ay isang tula na nagpapahayag ng pagmamahal sa kanyang inang bayan.[17]

Maaari nating masabi na ang paglalapat ng 4/4 na kumpas ay hiniling lamang ng pagkakataon dahil ang "Marcha Filipina- Magdalo" ay mayroong 2/2 na bilang at mahirap itong kantahin dahil isa itong mabilis na marcha. Bukod dito ay mawawala ang temang "pag-ibig" sa isang 2/2 na kumpas kaya pinabagal ito ng bahagya sa bilang na 4/4. Ngunit sa kabila nito, sa aking palagay, tila nakagapos pa rin ang Lupang Hinirang sa temang digmaan base na rin sa pananaw ni Joey Ayala na kanyang ibinahagi sa naturang konsert.

Ang pagkagapos ng mga Pilipino at ng awit na Lupang Hinirang sa pinagdaluyang kasaysayan nito ang maaaring masabing dahilan ng pagiging "inauthentic" ng pagkatao ng mga Pilipino.

## 3. Ang balangkas ni Joey Ayala sa Lupang Hinirang ay nagpapakita ng kagustuhang gawin itong "authentic"

Mahalaga ang konsepto ng "pag-ibig" para sa mga Pilipino. Ito ang pananaw ni Joey Ayala base sa kanyang pagsusuri sa mga orihinal na musikang komposisyon ng mga Pilipino.[18] Sa aking pagtaya, mas naipapahayag ng mga Pilipino ang kanilang tunay na "damdamin" at kung "paano" sila nakikipamuhay gamit ang isang awit ng pag-ibig. Ang "kundiman" ay isang musikang may tatak Pilipino at masasabing malaking bahagi ito ng pagkatao at kultura ng mga Pilipino.

Ang pagpili sa balangkas na may temang pag-ibig ni Joey Ayala ay maaaring tanawin bilang isang malayang pagnanais ng isang dasein na kumawala sa kanyang pagkakabihag sa isang bahagi ng pinag-isang panahon na tinawag ni Heidegger na "falleness".[19] Dito, maraming salik ang bumubuo sa pagkatao ng isang "Dasein" na hindi niya maiwasang taglayin gaya ng kanyang pangalan o lahi at pinagmulang mga magulang.[20] Ngunit, maaari niyang baguhin ang estado ng kanyang kasalukuyang pagkatao kung nanaisin niyang magbago para makamit ang lubos na kasarinlan sa

[15] Being and Time by Martin Heidegger/ 1927/ Pages 589 (Macquarrie and Robinson translation); 482 (Stambaugh translation)

[16] Philippine History- The Philippine National Anthem: Marcha Nacional Filipina/ *filipino.biz.ph>history>Lupang Hinirang*

[17] Ibid

[18] Region 13 Writer: Joey Ayala: Philippine Literature (*region13writerjoeyayala.blogspot.com*)

19 Being and Time by Martin Heidegger/ 1927/ Pages 589 (Macquarrie and Robinson translation); 482 (Stambaugh translation)

20 Ibid

kanyang hinaharap o tinawag din itong "existentiality".[21]

Para kay Joey Ayala ay mas maiging makakanta ang Lupang Hinirang sa kumpas at bilang ng isang kundiman. Ang pagpapalit sa 4/4 na kumpas patungong 6/8 ang mas angkop na bilang dahil naipapadaloy dito ang malumanay na damdamin ng isang kundiman. Mas masarap banggitin ang mga liriko sa kumpas na 6/8 kung ikukumpara sa kadalasang nagkakabuhol-buhol na mga titik ng Lupang Hinirang gamit ang bilang na 4/4. Halimbawa, gaya ng mga linyang "sa daga't at bundok sa simoy at sa langit mong bughaw" ("sa dagatat bundok…"); "may dilag ang tula sa awit ng paglayang minamahal" ( "may dilagang tula…"). Pansinin na mali ang pagbigkas sa mga salitang "dagatat" at "dilagang" kumpara sa tamang baybay nito na "dagat at" at "dilag ang".

Sa obrang "Being and Time", ipinupunto ni Heidegger na maraming dasein ang pinipiling manatili sa kanilang "falleness" dahil natatakot silang magpahayag ng damdaming naiiba sa kanilang kinagisnan sa buhay, pananaw na hindi angkop sa pananaw ng mga kapamilya at kaibighan.[22] Sa aking pagtaya, naaangkop ang ipinupunto ni Heidegger na pagpapalaya sa sarili ng "Dasein", sa ipinapakita ni Joey Ayala bilang isang aspeto ng pagpapalaya sa dasein sa pamamagitan ng pagbibigay ng bagong interpretasyon sa awit na Lupang Hinirang sa temang 6/8 bilang isang kundiman. Masasabi ko na ito ay isang malayang kagustuhan ng Dasein upang maging "authentic."

## 4. Ang tema ng "pag-ibig" sa mga pelikula at awiting gawa ng mga Pilipino ay lubos na nagpapakita ng "authenticity"sa pagkatao nila

Ang pag-ibig, kung ating susuriing maiigi ay isang konseptong binibigyang importansya ng mga Pilipino. Kung ating uusisain kung ano ang mga pelikulang kumita ng malaki sa takilya ay malalaman natin karamihan sa mga ito ay may temang pag-ibig. Sa mga nakaraang taon, ang mga pelikulang gaya ng "Starting Over Again", "A Second Chance", "It Takes a Man and a Woman" ang tatlo sa pinaka malaking naitalang kumita sa kasaysayan ng pelikulang Pilipino sa Pilipinas.[23] Sa larangan naman ng awitin, ang mga kantang may temang pag-ibig din ang mga tinaguriang "pinaka-iconic". Ayon sa artikulo ng CNN Philippines (2017), ang mga awiting may temang pag-ibig ang mga tinangkilik sa nakalipas na dalawampu't limang taon.[24]

Ang pag-ibig nga yata talaga ang pinakamalakas na sandata ng mga Pilipino na bitbit nila sa araw-araw nilang pakikibaka. Marahil ay ito rin ang baon ng mga kababayan natin OFW kaya nakakayanan nilang iwanan ang mga mahal nila sa buhay at tiising mamuhay ng nag-iisa sa ibang bansa. Alinsunod dito, ang iminungkahi ni Joey Ayala na sa paraan ng pag-kanta ng ating pambansang awit ay dapat itong dumaloy sa isang malumanay na kumpas sapagkat dito rin dumadaloy ang ating kagustuhang mabuhay at magmahal.

Ang tanyag na 1986 EDSA revolution ay kilala sa buong mundo bilang natatanging rebulusyon sa balat ng kasaysayan ng isang daigdigan na pinagtagumpayan ng mga Pilipino sa paraang hindi marahas, bagkos ay pinuspos ng pag-ibig. Hindi ba ang mga malalakas na kalibre ng baril at

21 Ibid
22 Ibid
23 The best Filipino films- CNN Philippines (*cnnphilippines.com>films*)
24 The best Filipino songs- CNN Philippines (*cnnphilippines.com>films)*

mga dambuhalang tangke ng pang digmaan ay ginapi lamang ng mga rosas, pag-ibig sa bayan at pagmamalasakit sa kapwa mula sa mga madre, kaparian at mga mamamayang nagtungo sa EDSA.[25]

Maaari nating ipagpalagay na malayo sa pagiging marahas ang pagkatao ng mga Pilipino base sa ipinakitang mapayapang rebulusyon. Maging ang mga datu, gaya nila Datu Kulambo, Datu Zula at Rajah Humabon, sa panahon ng pagkatuklas ni Ferdinand Magellan sa Pilipinas, ay hindi kagyat na nagpakita ng karahasan, bagkos ay nakipagkaibigan at sang dugo sa Kastilang manlalakbay.[26]

Sa isang artikulo na may pamagat na "What makes Filipino nurses so special and some of the best nurses in the world? ", binigyang diin ang mga Filipino nurses bilang kinikilalang pinakamahuhusay sa mundo dahil sa kanilang taglay na pagkamaalagain at pagmamalasakit sa kapwa.[27] Samakatuwid ay lantad ang kahinahunan, pagmamahal at kapayapaan sa puso ng mga Pilipino.

## 5. Ang pananaw ni Martin Heidegger sa pagiging "authentic" ng pagkatao ng isang "Dasein" ay tampok sa balangkas ni Joey Ayala at binibigyan diin nito ang pag-ibig sa pagka-Pilipino higit sa kamatayan

"Ang pag-ibig na makapangyarihan kapag nasok sa puso nino man ay hahamakin ang lahat masunod ka lamang". Ito ang walang kamatayang pilosopiya ni Balagtas sa kanyang pagturing sa konsepto ng pag-ibig. Masasabi kong hindi na nga yata kailangan ng pagkakatanto ng kamatayan gaya ng sa pakiwari ni Heidegger upang maging ganap ang kalayaang mamili, kundi sapat na ang matanto ang pag-ibig na wagas at sundin ito para matutunan ang lumaya.

Sa huling bahaging liriko ng interpreatasyon ni Joey Ayala ng Lupang Hinirang ay minarapat niyang palitan ang mga letrang "ang mamatay ng dahil saýo" sa "ang magmahal ng dahil saýo". Para sa kanya ay mas angkop ang "magmahal" sa pagka-Pilipino kaysa ang "mamatay", subalit hindi rin naman natin maiaalis ang pagiging bukas ng mga Pilipino sa kamatayan sa ngalan ng pag-ibig.

Sa isang banda, ang kalayaang pumili para sa sarili ay tampok sa balangkas ni Heidegger ng pagkakatanto sa isang "authentic" na Dasein.[28] Makikita naman natin sa kabilang dako ang kagustuhan ni Joey Ayala na bigyang laya ang Lupang Hinirang at ang sino mang nais itong awitin sa malakundiman na daloy.

Ang mga bayaning Pilipino ay tunay ngang nag-alay ng kanilang buhay para sa bayan. Buhay na buhay ang mga huling letra ng awitin Lupang Hinirang sa kamatayan ng mga tinaguriang bayani. Ngunit sa panahon ngayon, hindi na hihintayin pa ng mga Pilipino ang kamatayan para sa bayan upang maging ganap na isang bayani. Kaya naman, naging patok sa kamalayan ng kasalukuyang henerasyon ang tinaguriang mga buhay na bayani. Sila ang mga Pilipinong nakipagsapalaran na maghanap buhay sa iba't-ibang malalayong bansa upang maitaguyod lang at

[25] EDSA People Power Revolution-Philippines (www.philippine-history.org>people)

[26] Spanish Expedition to the Philippines-Philippine History (www.philippine-history.org>people)

[27] What makes Filipino nurses so special and some of the best nurses in the world? (https://definitelyfilipino.com)

[28] Being and Time by Martin Heidegger/ 1927/ Pages 589 (Macquarrie and Robinson translation); 482 (Stambaugh translation)

buhayin ang kanilang mga pamilya dito sa Pilipinas.

Ayon sa Banko Sentral ng Pilipinas, ang mga pinadadalang pera o remittances ng mga OFW (Overseas Filipino Workers) ay isang malaking bahagi ng ekonomiya ng Pilipinas.[29] Ang Pilipinas din ay ikatlo sa India at China na may pinaka malaking remittances sa buong mundo.[30] Tinatayang hinihigitan pa ng OFW remittances ang kabuuang GDP ng Pilipinas nito lamang 2017.[31]

Pag-ibig ang umiiral sa pagkatao ng mga Pilipino at hindi karahasan. Akma lamang ang huling letrang ipinalit ni Joey Ayala sa awiting Lupang Hinirang, kung saan ay mula sa mga titik ng "ang mamatay ng dahil saýo" ay binago niya ito sa "ang magmahal ng dahil saýo". Sa pagmamahal at pag-ibig lamang nakataya ang mga OFW sapat para mapagtagumpayan nila ang mga mabibigat na hamon ng pamumuhay sa ibang bansa. Napakasarap pakinggang ang mga linyang "ang magmahal ng dahil saýo". Wika nga ng mga buhay na bayani ng kasalukuyang panahon ay "aming ligaya kapag may nang-aapi, ang magmahal ng dahil saýo."

## 6. Pangwakas:

Ang pag-ibig bilang makapangyarihang puwersa na nagpapalaya ang binibigyang diin ni Joey Ayala sa kanyang balangkas. Ito ang susi sa masmakatotohanang pagpapahayag ng ating pagka-Pilipino sa tuwing aawitin natin ang lupang hinirang.

Sa huli, nais kong ipagpalagay na ang pagka-Pilipino ay kinukumpleto ng kanyang pag-ibig sa sarili, kapwa tao at bayan. Ang bawat Pilipino ay may iisang hangad…Pag-ibig sa bayan at hindi kamatayan, kundiman at hindi digmaan.

[29] Worker Remittances and the Philippine Economy- Commission on Filipino Overseas (http://www.cfo.gov.ph >news)
[30] Ibid
[31] Ibid

## 7. Sanggunian

1. Jose Palma/ Filipino writer/ Britanica.com https://www.britanica.com
2. News.abs-cbn.com
3. 2013 / Agila News, WorlPress.com Website
4. [1] Giorgi/ Concerning the Phenomenological Methods of Husserl and Heidegger and their Application in Psychology *Collection du Cirp Volume 1 / 2007*, pp. 63 a 78/ ISBN 978-0-9781738-7-6
5. [1] Being and Time by Martin Heidegger/ 1927/ Pages 589 (Macquarrie and Robinson translation); 482 (Stambaugh translation)
6. The evolution of Lupang Hinirang/ Manila Bulletin News*/ https:biz.com.ph* /2017-06-29
7. [1]Jose Palma/ Filipino writer/ Britanica.com / https://www.britanica.com
8. [1] Philippine History- The Philippine National Anthem: Marcha Nacional Filipina*/ filipino.biz.ph>history>Lupang Hinirang*
9. Region 13 Writer: Joey Ayala: Philippine Literature (*region13writerjoeyayala.blogspot.com*)
   2017 / The best Filipino films- CNN Philippines (*cnnphilippines*